Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF TRANSPORTATION AND COMMUNICATIONS

MEMORANDUM SIRKULAR BLG. 2013-26

PARA SA : **MGA PANGALAWANG KALIHIM**
KAWAKSING KALIHIM
SERVICE DIRECTORS

PUNO NG MGA TANGGAPANG SEKTORAL
MGA KAUGNAY NA AHENSIYA AT MGA KORPORASYON
MGA PUNO NG RMC

PAKSA : **PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2013**

PETSA : Ika-08 ng Mayo, 2013

Malugod na ipinababatid na ipagdiriwang sa 1-31 Agosto 2013 ang Buwan ng Wikang Pambansa alinsunod sa tagubilin ng Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay "Wika Natin ang Daang Matuwid."

Nilalayon ng pagdiriwang na ito na: (a) ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041; (b) mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at (c) maganyak ang mamayanang Filipino na pahalagahan ang wikang Filipino sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga Gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

Hinati sa sumusunod na diwa ang pangkahalatang tema ng pagdiriwang:

- Ang Wika Natin ay Wika ng Katarungan at Kapayapaan.
- Ang Wika Natin ay Laban sa Katiwalian.
- Ang Wika Natin ay Sandata Laban sa Kahirapan.
- Ang Wika Natin ay Wika ng Mabilisan, Inklusibo, at Sustenidong Kaunlaran.
- Ang Wika Natin ay Wika sa Pangangalaga ng Kapaligiran.

Ang mga nabanggit na sub-tema ang papatnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa. Hinihiling sa lahat na makipag-ugnayan at magsumite ng isang buwang programa ng pagdiriwang bago ang 31 Hunyo 2013 sa:

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
Sangay ng Impormasyon at Publikasyon
2/F Watson Bldg., JP Laurel St., Malacanan Palace Ground
San Miguel, 1005 Maynila
(02) 736-2524/736-2525/736-2519: komfil.gov@gmail.com; ww.kwf

Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Atty. CATHERINE JENNIFER P. GONZALES
Pangalawang Kalihim para sa Administration
at Procurement

THE COLUMBIA TOWER 2013-26 V-9
BRGY. WACK-WACK, ORTIGAS AVENUE
1555 MANDALUYONG CITY, PHILIPPINES

TELEFAX: (632) 723-4925
TRUNKLINE: 727-7960 TO 79
DOTC ACTION CENTER HOTLINE: 7890

Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF TRANSPORTATION AND COMMUNICATIONS

ROUTING/ACTION SLIP

(Always Attach this Form to all Communications)

Reference No. OSEC 13-002672

Received By : nitz

ORIGINATING OFFICE	KOM SA WIKANG FILIPINO/VIRGILIO S. ALMARIO
SUBJECT REQUESTING SUPPORT BY ISSUING A MEMO RE: PAGDIRIWANG NA BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2013	**Date of Document** 4/23/2013 **Date/Time Received** 04-30-2013 / 16:33:53

ACTION/S UNDERTAKEN

DATE/TIME	FROM Position and Name of Official/ Signature	TO Position and Name of Official/ Signature	REMARKS/INSTRUCTIONS/ACTION REQUESTED (As provided for in the 06 March 2000 Memorandum on the new RAS format)
			☐ Evaluate/Prepare BRIEF and Recommended Action ☐ Monitor Developments and Submit UPDATES with Recommended Action ☐ ~~Process Request for Travel~~/Training or Job Application ☑ For Appropriate Legal Action ☐ ~~Recommend and Prepare Appropriate~~ Action Document ☐ For Initial/Signature ☐ For Information ☐ For Funding ☐ In Coordination with ______ ☐ Others ______
5/2		CPG [signature]	
	CPG	Dir. RSQ	for your appropriate action. TY!
5/7	[illegible]	DC AOL	Pls. finalize the memo circular [initial]
5/8	DC AOL	Dir RSQ	Memo circular finalized following prescribed format.
5/8	[illegible]	[illegible] CPG	For your signature, ma'am [initial]
5/9	[illegible]	Sally	Pls. disseminate [initial]
			DOTC OFFICE OF THE ASSISTANT SECRETARY FOR PROCUREMENT
			RECEIVED MAY 02 2013
	[illegible] 03-05-13		BY: ______

444A

08 May 2013

MEMORANDUM

For : **Undersecretary CATHERINE JENNIFER P. GONZALES**
Administration and Procurement

Subject : **PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2013**

For your signature, attached is the Memorandum Circular addressed to the DOTC Central Office, its Sectoral Offices and Attached Agencies/Corporations regarding the "Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2013."

ROWENA S. QUIOGUE
OIC, Office of the Assistant Secretary
for Administration

Republika ng Filipinas
Tanggapan ng Pangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

DOTC
OFFICE OF THE SECRETARY
RECEIVED
APR 3 0 2013
13 002672
BY:

DOTC
HRD DIVISION
RECEIVED
MAY 0 7 2013
BY:

23 Abril 2013

Kgg. JOSEPH EMILIO AGUINALDO ABAYA
Kalihim
Kagawaran ng Transportasyon at Komunikasyon
The Columbia Towers
Ortigas Avenue, Brgy. Wack-wack
Lungsod ng Mandaluyong

Mahal na Kalihim Abaya:

Pagbati!

Malugod pong ipinababatid ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na ipagdiriwang nito ang **Buwan ng Wikang Pambansa** sa 1-31 Agosto 2013, alinsunod sa Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 964. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay "Wika Natin ang Daang Matuwid".

Kaugnay po nito, magalang naming hinihiling ang inyong pagpapatibay sa kalakip na memorandum para sa mabisang pagpapatupad ng nabanggit na proklamasyon. Kalakip ang sipi nito.

Inaasahan namin ang inyong pagpapaunlak sa aming hiling, at nagpapasalamat kami sa inyong patuloy na tangkilik sa wikang Filipino tungo sa bisyong daang matuwid at maunlad na bagong bukas ng ating bansa.

Sumasainyo,

VIRGILIO S. ALMARIO, National Artist
Tagapangulo